

1

“Thanks,” sabi ni Dylan nang ilapag ng bartender ang baso ng alak sa kanyang harapan, nagpingkian pa ang tatlong yelo sa loob niyon na nalulunod sa likidong kulay murang kahel. Bahagya muna niyang inalog ang hawak na baso bago iyon dinala sa bibig. Gumuhit ang init sa lalamunan niya nang dumaan ang likido roon.

Nag-order pa siya ng isang shot sa bartender bago inilibot ang paningin sa paligid. Hindi na niya kayang bilangin sa mga daliri ang dami ng taong nagsasayawan sa dance floor kung saan naka-install ang patay-sinding floor lights.

“Here’s your drink, Sir,” putol ng bartender sa paglalayag ng isipan niya.

Napalingon siya sa lalaki at tinanguan ito bago kinuha ang baso at inisang lagok ang laman niyon. Ramdam na niya ang pamimigat ng talukap at panlalabo ng mga mata. Nagsisimula nang mangibabaw ang alkohol sa kanyang sistema. He muttered a curse under his breath.

“Hindi pa ako lasing,” he grumbled.

Ayaw niyang ipikit ang kanyang mga mata. What he wanted was to unburden his mind. Nais niyang bigyan ng pagkakataon ang utak na makahinga nang maluwag. Bukas, balik na uli siya sa totoong mundo—his *corporate* world. He was only thirty-two years old pero pakiramdam niya ay napakaseryoso ng kanyang mundo. Tonight, he wanted to loosen up a bit and drink to his heart's content.

Isa pa ay tila mayroong kumakapal na apoy sa loob ng katawan niya dala ng matinding inis na gusto niyang burahin sa pamamagitan ng alkohol. His ex-fiancée called him a few hours ago—ex-fiancée—dahil niloko siya nito. At ngayon ay gusto nitong makipagbalikan. Pero wala na itong lugar sa buhay niya. He had dismissed her for good.

Si Dylan Villaraza ang Chief Executive Officer ng *Afilado Motor Company*, workaholic—hindi kasi madali ang trabaho niya sapagkat malaking responsibilidad ang nakaatang sa kanyang balikat.

Naramdaman niya ang biglang pagkirot ng kanyang sentido. Ibinaba niya ang hawak na baso ng alak at nasapo ang ulo. Itinukod niya ang siko sa bar counter at hinilot ang pagitan ng dalawang mata.

Lasing na nga siguro ako, sa loob-loob niya.

He stood up, his knees wobbling. “Ah, shit,” mahina niyang mura.

Napakapit siya sa stool habang hinuhugot ang leather wallet sa back pocket ng suot niyang pantalon. Kumuha siya ng apat na lilimandaanin mula roon at inilapag ang peso bills sa counter. “Keep the change,” aniya.

Halos hindi na niya mailakad nang tama ang mga paa bunsod ng kalasingan. Pasuray-suray niyang tinahak ang daan patungong exit. Kakatwang nahahawi ang mga taong nakaharang sa kanyang dinaraan at lantarang kumikislap ang paghanga sa mga mata ng mga ito habang nakatitig sa kanya. Sanay na siya sa ganoon. Sanay na siyang nakakakuha ng atensyon.

Isa siyang Filipino mestizo. Kahit saang anggulo tingnan ay naghuhumiyaw ang dugong banyagang nananalaytay sa kanyang mga ugat—ang pares ng itim niyang mga mata na tila kayang itumba ang isang mabangis na leon sa pamamagitan lang ng matalas na titig, matangos na ilong at maninipis na labi, pati na ang mamula-mulang balat.

“Hi, handsome!” High-pitch ang tinig ng babaeng bumati sa kanya.

Napalingon siya sa may-ari ng boses at namalas niya ang isang matabang babaeng nakasuot ng red tartan skirt na sa tantya niya ay hindi pa umabot sa sampung pulgada ang haba. Pinagkakasya nito ang sarili sa curve-hugging tee.

Sinikap niyang huwag mapangiwi. Tinanguan niya lang ito at ipagpapatuloy na sana ang paglalakad, ngunit bago pa man niya magawang ihakbang ulit ang mga paa ay pumulupot na sa braso niya ang dalawang kamay ng babae.

“Bakit ka ba nagmamadali, Pogi? Dito ka muna. ‘Sayaw mo naman ako,” paglalandi nito sa kanya.

Napabuga siya ng hangin. Wala siya sa kondisyong makipagbolahan sa kahit na kanino. Ang gusto niyang gawin nang mga sandaling iyon ay umalis na sa lugar na iyon. He was dead tired—physically and mentally.

“I’m afraid I can’t do that,” sabi niya sa mahinahong boses. Sa kabila ng kalasingan ay nagawa pa rin niyang magsalita nang maayos.

“Ang sungit mo naman. Sige na,” kandatulis ang ngusong pagpupumilit nito.

Muli siyang napabuga ng hangin. Kapagkuwan ay walang kaabug-abog niyang binaklas ang kamay nitong nakakapit sa braso niya na sadyang ikinagulat

nito.

“I said I can’t, okay?”

Namula nang husto ang mukha nito at nagpalingalinga sa paligid na tila inaalam kung ilang pares ng tainga ang nakarinig sa mga sinabi niya. The woman looked terribly embarrassed. Perhaps he should feel apologetic, pero hindi niya maramdaman ang ganoon nang mga sandaling iyon. Marahil ay dahil sa nainom niyang alak.

“Jerk!” bulyaw nito, sabay tampal sa dibdib niya saka bumalik sa upuan nito.

Good riddance, he thought.

Mayamaya ay narinig niyang may tumawag sa kanyang pangalan kaya bigla siyang napalingon. Wala naman siyang nakitang pamilyar na mukha kaya muli niyang itinuon ang atensyon palabas ng *Club Cerix*, ngunit paghakbang niyang muli ay may pumatid sa kanyang paa.

Ang sumunod doon ay ang kagila-gilalas na pagsubsob ng mukha niya sa pagitan ng dalawang matatabang hita na pinamumugaran ng mga cellulite.

He heard a sharp piercing cry. Pagkatapos ay may kung anong pumalo sa likod niya. Napamura

siya saka mabilis na tumayo, pakiramdam niya ay tuluyan nang nawala ang espiritu ng alak sa kanyang sistema. His eyes flung wide open. Nagsasalimbayan ang iba't ibang emosyon sa mga mata niya. Lalo na nang masilayan niya ang may-ari ng mga hitang aksidenteng nasisid niya—ang babaeng nag-flirt at kanyang pinagsungitan.

Oh no, this can't be happening!

“Miss, look, I’m sorry. Hindi ko sinasadya. May pumatid sa akin at—” Nakita niyang umangat ang kamay nito at akmang sasampalin siya pero bago pa man nito mapadapo ang palad sa kanyang pisngi ay mariin na niyang nasungaban ang pupulsuhan nito.

“You wouldn’t dare,” he said through gritted teeth. Dumaan ang takot sa mukha nito pero sinikap pa rin nitong panindigan ang gustong paniwalaan.

“Manyak ka! Sinadya mo talaga iyon! Sinadya mong tsansingan ako!” hiyaw nito.

Napokus sa kanila ang atensyon ng lahat. Umugong ang bulong-bulungan. Lalong lumakas ang loob ng babae na magtatatalak nang mapansin nitong sa kanila na nakatuon ang lahat ng mga mata.

Hindi ito maawat sa pag-eeskandalo. Tila tubig kung umagos ang mga kataga mula sa mapintog

nitong bunganga. The woman was overreacting, for crying out loud!

“Makakarating ’to sa daddy ko, kay Senador Fernando Morales! Ipapakulong kita! Manyak! Binastos mo ako!” patuloy nitong talak.

Nagtagis ang mga bagang niya. Tinitigan niya ito. His eyes were dangerously cold. He was not afraid of anyone. Hindi siya takot dito. At lalong hindi siya takot sa ama nito.

Malinaw niyang naipaabot ang mensaheng iyon sa kaharap kahit na hindi niya ibinuka ang bibig. Dahilan upang matigagal ang anak ng senador.

“Sydney, I want you in *Club Cerix*. Now!”

Napatuwid ng upo si Sydney nang marinig ang malakas na tinig ng kanilang boss, si Mr. Velasco. Dumagundong iyon sa apat na sulok ng kanilang opisina.

“May kaguluhang nagaganap ngayon sa pagitan ni Dylan Villaraza, CEO ng *Afilado Motor Company*, at ng anak ni Senador Morales. Kailangan mong makuha ang scoop na ’to.”

“Aye, aye, Boss! Your order will be carried out

immediately.” Sumaludo siya sa kaharap at kaagad na sinungkit ang kulay tsokolateng knapsack na nakasabit sa sandalan ng bakal na silya.

Magkahalong kaba at excitement ang nararamdaman niya. Baguhang journalist lang siya sa *Sulat-Pilipinas*, isang newspaper company, at ito ang una niyang assignment na hindi kasama ang kanyang mentor. She wanted her mentor to be really proud of her. At gusto niya ring ipakita sa kanyang boss na karapat-dapat siyang maging parte ng kanilang kompanya.

Sumagitsit ang gulong ng kanyang sasakyan at huminto iyon sa mismong tapat ng *Club Cerix*. Mukhang lumala na ang komosyon at mas makapal pa kaysa inaasahan niya ang tumpok ng mga taong nakikiusyoso at nakikisawsaw sa entrada ng gusali.

Napasipol siya. “Parang may dumating lang na isang dosenang artista sa dami ng tao, ah.”

Ipinilit niya ang sarili sa kumpol ng mga taong naroroon ngunit talagang hindi siya makasingit. Inilabas niya ang dalang recorder at iniangat ang kamay, ini-stretch ang mga braso para makalapit kahit ang dulo man lang niyon kay Dylan Villaraza. She needed to record something!

Kisses And Blackmail - Ingrid De La Torre

Ibubuka na lang niya ang bibig nang mahagip ng kanyang paningin ang isang mukhang nagpatigil sa tibok ng kanyang puso. Kasabay niyon ay tila nabura ang lahat ng tao sa paligid at na-teleport sila sa ibabaw ng isang entablado kung saan nakatutok lang sa kanilang dalawa ang maliwanag na spotlight at pumapailanlang ang kantang *Love At First Sight* ni Kylie Minogue.

And everything went from wrong to right

And the stars came out and filled up the sky

The music you were playing really blew my mind

It was love at first sight

Napasinghap siya. Bumalot ang nakaliliyong emosyon sa kanyang katawan—mula ulo hanggang paa. Titig na titig siya sa kaguwapuhan ng lalaking malaya niyang napagmamasdan nang mga sandaling iyon. Sa isang tingin lang ay masasabi na niyang hindi ito purong Filipino. Halata ang lahing Espanyol nito. The man was amazingly tall... and incredibly sexy.

Humantong ang mga mata niya sa mga labi ng lalaki. Pagkatapos ay bigla na lang sumipa ang puso niya. Isa lang ang ibig sabihin niyon, napana siya ni Cupido!

Hindi magawang itaas ni Sydney ang mukha habang sinasabon siya ni Mr. Velasco. Mistula siyang lantang gulay, nanlalambot at blangko ang utak. Wala siyang maapuhap sabihin. It was entirely her fault. Nabatobalani kasi siya sa kaguwapuhan ni Dylan kaya ang ending: wala siyang nakuha ni kakarampot na impormasyon.

“I am very disappointed!” Bahagyang tumalon ang tasa ng kapeng nakalapag sa mesa nang ipukpok ng kanilang boss ang kamao roon.

Nag-alis siya ng bara sa lalamunan at mariing napapikit. “Sorry talaga, Boss.”

“Uh-huh,” sarkastikong usal nito. Marahas nitong ibinagsak ang sarili sa swivel chair. He carelessly splayed his huge hands over the table. “You know what, Syd, nasa dulo na ng dila ko ang dalawang katagang hinding-hindi mo gugustuhing marinig mula sa akin ngayon—”

“Please don’t fire me! I’ll do anything,” pagmamakaawa niya. Sadya niyang pinatulis ang nguso at ikinurap-kurap ang bilugang mga mata na bahagya nang nag-iinit dahil sa tinitimping luha.

She couldn’t afford to lose her job. Ulilang

lubos na siya at wala nang ibang susuporta sa mga pangangailangan niya sakaling mawalan siya ng trabaho na huwag naman sanang mangyari.

“Don’t use that face with me, Miss Lorayna. And don’t worry, I won’t fire you. Not yet. Bibigyan kita ng isa pang pagkakataon para patunayan ang sarili mo.” Pumormal ang mukha ng matandang lalaki at pinakatitigan siyang mabuti sa mga mata. Sumandal ito sa backrest ng upuan, inilagay ang hintuturo at hinlalaki sa ilalim ng baba at bahagyang humimas sa bahaging iyon. “Gusto kong pasukin mo ang mundo ni Dylan Villaraza. We need his side of the story. Tikom ang bibig niya sa nangyaring eskandalo kaya ikaw na ang bahalang dumiskarte kung paano mo siya mapagsasalita.”

“Yes, Boss.”

“Good. Puwede ka nang lumabas.”

Hawak na niya ang door knob ng pinto nang may ipahabol ang matanda. “There’s more than one way to skin a cat, Syd. Gawan mo ng paraan dahil dito nakasalalay ang career mo.”

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Hindi pa man nagsisimula ang assignment niya ay gumagapang na ang tensyon sa kanyang buong sistema. Marahan

Kisses And Blackmail - Ingrid De La Torre

lang siyang tumango bago tuluyang lumabas ng opisina.

2

Tinanaw ni Sydney ang kalangitan mula sa bintana ng kanyang sasakyan. Papalubog na ang araw. Nag-aagaw ang kulay dalandan, maputlang dilaw, at itim sa kalangitan. Humugot siya ng malalim na hininga at inayos ang pagkakaupo sa driver's seat ng luma niyang multicab van. Murang asul ang kulay niyon at nanganganib nang matuklap ang pintura. Nakasabog ang natuyong putik sa katawan ng sasakyan dahil katatapos lang bumuhos ang malakas na ulan.

Sinulyapan niya ang suot na wristwatch. Mag-aapat na oras na siyang nakababad sa harapan ng *Afilado Tower*. Inaabangan niya ang CEO ng *Afilado Motor Company*.

Pinagmasdan niya ang matayog na gusali. The building had a tubular design. Gawa iyon sa bakal, semento at mahusay na salamin. May naaaninag siyang dilaw na liwanag mula sa iilang parihabang sukat na mga bintana.

“Ugh! ’Tagal lumabas sa lungga!” Inayos niya ang suot na itim na baseball cap, hinawakan ang dulo niyon at hinila pababa upang matakpan ang kanyang mga mata. Ni-recline niya ang upuan at

ipinatong ang mga paa sa dashboard. Muli niyang tinapunan ng tingin ang entrada ng gusali, gayundin ang lagusan ng basement parking bago pinagsalikop ang dalawang kamay sa ibabaw ng tiyan at marahang ipinikit ang mga mata.

Power nap lang, she thought lazily.

Message alert tone ang gumising sa nahihimbing na diwa ni Sydney.

Excuse me, Boss, you have a message.

Paulit-ulit iyong umalingawngaw sa kabuuan ng maliit niyang sasakyan. Awtomatikong umangat ang kanan niyang kamay, kinusot ang mahapdi pa ring mga mata.

She groaned. Antok na antok pa siya. And for one brief moment, inakala niyang nasa loob siya ng maliit niyang silid at nakabaluktot sa ibabaw ng malambot niyang kama. Gumapang pababa ang kamay niya upang hilahin pataas ang kumot subalit wala siyang nakapang kahit na ano. She then realized that she was not in her room at all. Bigla ang pagbuhos ng realisasyon sa utak niya.

Malakas siyang napamura at bumalikwas ng

bangon. Inaantabayanan nga pala niya ang paglabas ni Dylan Villaraza mula sa higante nitong kaharian. Walang ingat niyang hinablot ang cell phone. Galing sa boss niya ang mensaheng natanggap—nire-remind siyang gawin nang tama ang trabaho.

Muli siyang umusal ng malutong na mura bago dali-daling tumingin sa unahan. Nanlaki ang kanyang mga mata, pati mga butas ng ilong niya nang makitang puwit na lang ng bagung-bagong *Rolls-Royce Phantom* ang abot ng kanyang paningin hanggang sa tanging usok na lang mula sa tambutso niyon ang naiwan sa kalsada.

Maagap niyang binuhay ang makina ng sasakyan at mariing tinapakan ang silinyador. Ngunit sadya yatang dinalaw siya ng matinding malas dahil kumarag-karag ang sasakyan niya sa gitna ng maluwang na daang gawa sa graba. Umubo ang tambutso niyon at tuluyan na siyang itinirik ng lumang multicab sa kalagitnaan ng madilim na daan.

“Buwisit! Binabakuran yata ako ng malas, eh.” Ikinuyom niya ang mga kamay at pinagsusuntok ang steering wheel ng kotse. Nang humupa ang kumukulong dugo niya ay saka siya lumabas upang itabi ang sasakyan.

“Wala naman akong balat sa puwit pero bakit ang

malas-malas ko?” mangiyak-ngiyak niyang tanong sa sarili. Pabalang niyang isinara ang pinto ng kotse at pinagsisipa ang gulong niyon.

Nasilayan niya ang pagguhit ng kidlat sa itim na kalangitan. Ang sumunod doon ay ang malagom na kulog na pakiwari niya’y yumanig sa lupang kanyang kinauupuan. Nayakap niya ang sarili dahil sa pag-hip ng malamig na hangin at nang tumingala siya sa kalangitan ay hustong pumatak ang maliliit na butil ng tubig-ulan sa kanyang mukha.

Pero bago pa siya makapasok sa loob ng sasakyan ay bumagsak na ang makapal na ulan.

“Great! Ang suwerte ko, grabe!” sarkastiko niyang bulalas. Itinaas niya ang mga kamay at iwinasiwas iyon sa ere.

Imbis na lumulan sa sasakyan ay minabuti na lang niyang i-lock iyon at tumayo sa gilid ng daan upang mag-abang ng ibang masasakyan.

This is the most miserable day of my entire life, ever! Di bale, matsatsambahan ko rin ang lalaking iyon...

Sunud-sunod ang pagbahing ni Sydney. Humugot

siya ng tissue at suminga roon nang malakas. Pulang-pula ang ilong niya at nag-iinit ang namumula niyang mga mata. She felt terrible. Lalo na at kumikirot ang kanyang ulo. Dagdag pang nagpapasakit sa ulo niya ang nakabinbin pa rin niyang trabaho.

She sniffed and stifled a curse. Tinusuk-tusok niya ng tinidor ang burger steak hanggang sa madurog iyon.

“Here, you need this. Inumin mo,” agaw ng isang boses-babae sa kanyang atensyon. Si Yanina, isang kaibigan at katrabaho, ang nalingunan niya. Naupo ito sa tapat ng silya niya at inilapag ang hawak na tray ng pagkain sa mesa, saka itinulak ang bottled water palapit sa kanya.

“Thanks.” Inabot niya ang bottled water at mabilis na inubos ang laman niyon.

“You look kind of familiar. Right! Isa ka sa mga zombies doon sa pelikulang *Warm Bodies*, 'no? Iyong totoo? Aminin mo!” kantiyaw nito kapagkuwan.

Irap lang ang isinagot niya rito. Wala siya sa kondisyong makipagbiruan sa kaibigan. Barado ang ilong niya at nananakit pa ang lalamunan. Pakiramdam niya ay nakipagrambulan siya sa limang Doberman Pinscher. Her muscles were twitching

painfully and her face screamed *distress*.

Natawa lang ang kaharap sa naging reaksyon niya. May kinuha itong picture mula sa bulsa ng suot nitong pantalon at inilatag iyon sa mesa. Picture iyon ni Dylan. “Ang bigat ng problema mo, Mare—si *Fafa* Dylan Villaraza pa! Let me help you. Heto, o.”

She was robbed of speech. Hindi niya magawang magsalita, nanatiling nakatitig lang siya sa litrato ng binata. Halos okupahin na ng mukha nito ang buong photo paper. Seryoso ang hitsura nito sa litrato.

The man was exaggeratedly proper, cold, and uptight. Walang kangiti-ngiti sa mga labi. May suot itong mamahaling salamin sa mata subalit hindi nagawang itago niyon ang magandang hugis ng mga mata nitong bagaman matalas kung tumitig ay may kislap naman ng sensuwalidad.

“It’s him!” wala sa loob niyang bulalas.

“Of course. It *is* him. O, basahin mo ang nakasulat sa likod niyan.” Itinulak nito ang picture palapit sa direksyon niya.

Umangat ang isa niyang kilay. “Why are you doing this?”

Pinaikot lang ni Yanina ang mga mata. “Because

I know you want to keep your job, that's why."

Umangat ang dalawa niyang kilay. "Pero paano—?"

"Well, a friend of mine has a cousin, which just so happens to be Dylan's best friend. Kaya nakadewat ako ng kaunting impormasyon. Itago mo iyan, ha," tukoy nito sa litrato. "Nakasulat sa likod niyan ang pribadong address ni *Fafi* Dylan. Iyan lang ang maibibigay ko sa 'yo. Bahala ka nang dumiskarte mula sa kapisang impormasyon na iyan, okay?" Tumayo na ito at nag-iwan ng makahulugang kindat sa kanya bago tumalikod.

Sydney was grateful, amused, nervous, and excited—all at the same time. Nakipagtitigan na lang siya sa litrato ng guwapong binata.

Kasabay niyon ay ang malakas na pagpintig ng puso niya. Again!

Nanlalamig ang mga kamay ni Sydney habang palakad-lakad siya sa harapan ng modernong two-storey house na pagmamay-ari ni Dylan. May mukhang goon na guwardya na nakabantay sa labas ng mataas na gate.

Siguradong kapag nagpakilala siyang reporter ay ni hindi na siya patatapusin nitong magsalita.

Kung miyembro lang ako ng Akyat-Bahay Gang, this would be chicken shit, sa loob-loob niya.

Inayos niya ang baseball cap sa ulo kung saan niya ikinubli ang alon-alon at hanggang balik at niyang buhok. Inayos niya rin ang suot na black leather jacket bago muling nagparoo't parito. Hanggang sa namataan niyang may babaeng nakasuot ng puting uniporme ang lumapit sa guwardya, mukhang kasambahay ng kapitbahay. Napansin niyang lumatay ang kakaibang landi sa mukha ng guwardya at nawalan ito ng pokus sa trabaho. Binuksan nito ang gate at may sandaling sinilip sa loob niyon bago malawak ang ngiting pinagmasdan ang kasamang babae at hinila ito palayo.

Pagkakataon ko na 'to!

Patakbo siyang lumapit sa gate at muntik nang mapatalon sa tuwa nang makitang hindi naisara ng guwardya ang tarangkahan. Mukhang bumabawi ang tadhana at pumapanig naman ngayon sa kanya ang suwerte.

Dere-derecho siya sa loob ng malaking bahay. Puti at abo ang dominanteng kulay sa bahay nito at

pansin niyang maraming salamin at stainless steel sa interior niyon. Nang mahanap niya ang hagdanan ay kaagad siyang pumanhik pataas. Tumambad sa kanya ang napakahabang pasilyo at magkakatatap-tapat na mga pinto. Hindi niya mahulaan kung saan sa napakaraming silid na iyon ang inookupa ng binata.

She picked a door—ang pangatlong pinto mula sa pinakadulo ng pasilyo. She would trust her heart. Base sa pagririgodon ng puso niya ay sasabihin niyang nasa likod ng pintong iyon ang binata.

Hinawakan niya ang seradura at buong ingat na pinihit iyon pabukas. Binati siya ng kulay abong silid na punung- puno ng gym equipments. Bumagsak ang mga balikat niya.

Fitness room, she thought disappointedly.

Tumalikod siya at lalabas na sana nang marinig niya ang tunog ng mga nagpipingkiang bakal. She spun around, hinanap niya kung saan nanggagaling ang ingay na iyon.

Sa likod ng bowflex ay namalas niya ang half-naked na lalaking nakatalikod sa kanya at abala sa pagbubuhat ng dumbbells.

“Oh, *huwaw!* Kinain yata ng lalaking ito ang lahat ng sili sa mundo dahil nag-uusok ang loko sa

anhang!” pabulong niyang komento.

Pinagmasdan niyang maigi ang katakam-takam na katawan ng binata. Mamasel ang mga braso nito. Malapad ang likod at tila hugis ‘V’ ang katawan mula balik at pababa sa baywang. She could see his back dimples, sa ibaba ng gulugod nito. And his butt spelled sexy. Goodness! The man was so dishy and he was the most delectable man she’d ever seen.

Nagkasya lang siyang panoorin ang bawat galaw ng binata hanggang sa ibaba nito ang dumbbells at nagsimulang punasan ang pawis sa katawan. Pumasok ito sa loob ng banyo; unaware pa rin ito sa presensya niya. Inihanda na niya ang camera.

Paglabas nito mula sa banyo ay nagsalubong agad ang mga mata nila. Kumunot ang noo nito.

Wala sa sariling iniangat niya ang hawak na camera at sinimulan niyang kuhanan ng litrato ang binata. Sandaling dumaan ang pagkagulat sa mga mata ng kaharap dahil sa sunud-sunod na flash ng ilaw. Pero mayamaya lang ay nagdilim na ang mukha nito.

“Who the hell are you?” His voice was as sexy as the crease in his forehead. Akmang hahakbang ito palapit sa kanya nang biglang natanggal ang buhol ng

Kisses And Blackmail - Ingrid De La Torre

tuwalyang nakatapis sa lower half ng katawan nito.

“Oh my, Momay!” wala sa loob niyang usal, kasabay niyon ay ang pagkislap uli ng kanyang camera.